
LUNGSOD NG CALAMBA · 1742 · LAGUNA · 2001

# CALAMBALITA

VOL. 6 NO. 02

MARSO 2022 BILANG 36



## "SA MAAYOS NA PAMAMAHAY NAGSISIMULA ANG MAS MAAYOS NA PAMUMUHAY. "

-MAYOR JUSTIN MARC "TIMMY" CHIPECO-

# BAKIT PABAHAY ?

Murang pabahay para sa mga Calambeño ang isa sa mga programang mariing tinutukan ng Pamahalaang Panlungsod sa pangunguna ni Mayor Timmy Chipeco,

## UNA


Isa ito sa pangunahing karapatang pantao ng bawat mamamayang Pilipino

## PANGALAWA

Malaki ang suliranin sa informal settlers lalo na ang mga nasa danger zones

## PANGATLO

Tukoy ang kahalagahan nito sa pagpapataas ng antas ng pamumuhay ng bawat pamilya



## Isa ang Calamba sa iilang LGU na may sariling HOUSING DEPARTMENT na nangangalaga sa . . .






G. Ronaldo M. Dela Cruz
Department Head
Housing and Settlements Department

- Pagtukoy sa mga informal settlers sa lungsod
- Pagpili ng ligtas na paglilipatan at pagbili ng lupa
- Pagdidisenyo ng kabahayan
- Pangangalaga sa relocation site at mga naninirahan dito
- Pakikipag-ugnayan sa mga sangay ng pamahalaan ukol sa pabahay





# MGA PROYEKTONG PABAHAY NA LOKAL

## *TAON-TAON AY NAGLALAAN NG PONDO ANG PAMAHALAANG PANLUNGSOD PARA SA MGA HOUSING PROJECTS*

### CALAMBEÑO VILLE III

Sitio Majada In, Brgy. Canlubang

- 30,000 sqm. na proyekto kung saan katuwang ang Gawad Kalinga na mayroong 304 housing units para sa mga nasa danger zones
- DSWD Core Shelter Assistance Program na may 106 housing units para sa mga biktima ng kalamidad
- at 79 housing units para sa mga biktima ng clearing operations na private property







### CALAMBEÑO VILLE IV

On Site Housing Project

96,000 sqm. na lupa para sa 1,297 housing units para sa informal settlers ng Brgy. Banlic, San Cristobal, Paciano at Mayapa. Tulong sa mga nagtayo ng bahay sa hindi nila lupa upang mapasa kanila ang titulo ng lupa at maging ganap nila itong pagmamay-ari. Kasalukuyang inaayos ang paghahati sa lupain upang mai-award sa mga pamilya.

### CALAMBEÑO VILLE V

Brgy. Kay-Anlog

119,282 sqm. na lupang binili ng pamahalaang panlungsod na may 4 na phases

Calambeño Ville V Phase 1 at Phase 2 na mas kilala bilang BLUE HOUSE dahil sa pinturang asul ng bahayan. 521 ang housing beneficiaries sa Phase 1 at 108 beneficiaries sa Phase 2 na galing sa mga tabing ilog, creek, riles, at biktima ng bagyo.

May sariling basketball court at malapit sa barangay hall, day care center, paaralan at talipapa.

Calambeño Ville V Phase 3 ay may sukat na 37,379 sqm. na ginamit bilang temporary relocation site ng may 169 informal settler families mula sa Brgy. Canlubang. Kasalukuyang ginagawa ang 124 housing units at isasabay ang site development.

Calambeño Ville V Phase 4 ay nakatakda nang isunod na ipagawa, pagkatapos ng Phase 3.





Mga Awardees ng Pabahay sa Calambeño Ville V

# MGA PROYEKTONG PABAHAY NA LOKAL

## CALAMBEÑO VILLE VI
Brgy. Mapagong

Donasyon ng isang pribadong may-ari upang mapaglipatan sa 20 pamilya sa lupang kanyang pag-aari sa kalapit na barangay.







## CALAMBEÑO VILLE VII
Brgy. San Juan
On Site Relocation Site

May sukat na 3,652 sqm. na binili ng Pamahalaang Panlungsod upang maipamahagi sa 70 informal settler families na nakatira doon. Kasalukuyang inaayos ang paghahati-hati ng lupa upang maipamahagi sa beneficiaries sa abot-kayang halaga.

## CALAMBEÑO VILLE VIII
Purok 8, Brgy. I

2,838 sqm. na lupa na binili ng Pamahalaang Panlungsod para maipamahagi sa murang halaga sa 92 informal settler families na nakatira dito.





# PROYEKTONG PABAHAY SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA NATIONAL GOVERNMENT AGENCIES

## VALLEY BREEZE SUBDIVISION
Brgy. Kay-Anlog

Ang 176 housing units na hindi ginamit ng AFP/PNP ay ini-award sa mga pamilyang tinamaan ng road project sa Brgy. Real at Brgy. Uno, mga nasa tabing ilog sa Sitio Bomba, Brgy. Canlubang, mga taga-Sitio Ronggot sa Brgy. Lingga na tinamaan ng Bucal-San Jose road Project, at mga nagibaan sa Purok 1, Brgy. Prinza at Pasilyo Tres, Brgy. IV.












## LA VISTA DE CALAMBA
Brgy. Banlic

Bunga rin ng pagtutulungan ng Pamahalaang Panlungsod at NHA ang La Vista de Calamba sa Brgy. Banlic na may sukat na 71,634 sqm. at inaasahang matatayu-an ng 767 housing units.

Nakatakda itong ilaan para sa mga pamilyang Calambeñong ilegal na naninirahan sa shoreline at malapit sa waterways na hagip ng Laguna de Bay alinsunod na rin sa Supreme Court Mandamus on the Clean-Up of Manila Bay.





# PROYEKTONG PABAHAY SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA NATIONAL GOVERNMENT AGENCIES


*AKTIBONG NAKIKIPAG-UGNAYAN ANG PAMAHALAANG PANLUNGSOD SA NATIONAL HOUSING AUTHORITY UPANG MAS MAPABILIS NA MATUGUNAN ANG PANGANGAILANGAN NG PABAHAY PARA SA MGA INFORMAL SETTLERS SA LUNGSOD.*

## SOUTHVILLE 6 HOUSING PROJECT

Brgy. Kay-Anlog

Ang Southville 6 na naipatayo sa pakikipagtulungan sa National Housing Authority, ang may pinakamalaking populasyon sa mga housing projects sa ngayon. Dito nabigyan ng pabahay ang 4,221 informal settler families -1,571 ang galing sa PNR right-of-way, 2,157 ang galing sa mga danger zones sa iba't-ibang bahagi ng lungsod, 493 ang galing sa danger zones mula sa labas ng lungsod na kinailangan ang dagliang paglilikas.

Mayroon itong sariling basketball court, livelihood center, daycare center at talipapa.



## DON JOSE HOMES HOUSING PROJECT

Brgy. Banlic

May sukat na 90,185 sqm. na ngayon ay may 1,352 pamilyang beneficiaries na kinabibilangan ng mga biktima ng baha sa Brgy. Parian, naninirahan sa ilalim ng tulay sa Brgy. San Cristobal, mga nasa bingit ng ilog sa Purok 4, Pulong Walang Diyos, Brgy. San Cristobal, mga nasa danger zones sa Brgy. Mayapa, kasama sa demolisyon sa Brgy. Real at mga pamilyang malapit sa San Juan at San Cristobal Rivers.

May sarili itong basketball court, paaralan at talipapa.




## LAKE BREEZE RESIDENCES

Brgy. Looc


Sa bisa ng isang institutional arrangement ay iniliwat ng National Housing Authority ang 37 housing units sa Lake Breeze Residences na unang nakalaan para sa AFP/PNP .

Nailipat dito ang mga residente ng ginibang bahay sa Brgy. Lingga, mga nahagip ng drainage project sa Brgy. Bucal at ng Bucal-San Jose Bypass Road sa Brgy. Bucal.



## NORTH–SOUTH COMMUTER RAILWAY EXTENSION PROJECT

Ang North-South Commuter Railway Extension (NSCR-Ex) ay proyekto ng Department of Transportation sa Pakikipag-tulungan ng Asian Developmeny Bank at Japan Internal Cooperation Agency para sa rehabilitasyon ng tren at rail track na mag-uugnay sa Lungsod ng Calamba sa Timog Luzon at New Clark City sa Hilagang Luzon. Kaakibat nito ay magkakaroon ng proyektong pabahay para sa humigit-kumulang 2,130 informal settlers families sa Brgy. Banlic, San Cristobal, Parian, Uno, Lecheria at Halang na tatamaan ng nasabing proyekto at kailangang ilipat bago simulan ang rehabilitasyon.




## SOUTH LONG HAUL HOUSING PROJECT

Ang South Long Haul Project ay proyekto ng Philippine National Railways (PNR) na mag-uugnay sa Calamba hanggang Matnog, Sorsogon. Higit 2,000 informal settler families mula sa Barangay Banlic, Bañadero, Parian, Brgy. Uno, Brgy. Tres, Lecheria, Halang, Bucal, Pansol, Sucol, Bagong Kalsada at Masili ang maaapektuhan ng proyektong ito.
Katulong ang National Housing Authority ay pinaplano na ang magiging lokasyon, proyekto at disenyo ng bahay.

| No. | RELOCATION SITE | TOTAL NUMBER OF CALAMBEÑO AWARDEES |
|---|---|---|
| 1 | Calambeño Ville I, Brgy. Banlic | 50 |
| 2 | Calambeño Ville II, Brgy. Looc | 204 |
| 3 | Calambeño Ville III, Sitio Majada In, Brgy. Canlubang | 489 |
| 4 | Calambeño Ville IV, Brgy. Banlic, San Cristobal, Paciano Rizal, Mayapa | 1,297 |
| 5 | Calambeño Ville V-Phase 1, Brgy. Kay-Anlog | 521 |
| | Calambeño Ville V-Phase 2, Brgy. Kay-Anlog | 108 |
| | Calambeño Ville V-Phase 3, Brgy. Kay-Anlog | ongoing |
| 6 | Calambeño Ville VI, Brgy. Mapagong | 20 |
| 7 | Calambeño Ville VII, Brgy. San Juan | 70 |
| 8 | Calambeño Ville VIII, Brgy. Uno | 92 |
| 9 | Southville 6 Housing Project, Brgy. Kay-Anlog | 3,896 |
| 10 | Valley Breeze Subdivision, Brgy. Kay-Anlog | 176 |
| 11 | Lake Breeze Residences, Brgy. Kay-Anlog | 37 |
| 12 | Don Jose Homes Housing, Brgy. Banlic | 1,053 |
| 13 | La Vista De Calamba, Brgy. Banlic | ongoing |
| 14 | North-South Commuter Railway Extension Project Resettlement Site, Brgy. Banlic | ongoing |
| 15 | South Long Haul Project Resettlement Site | ongoing |
| | TOTAL | 8,013 |

| AREAS | TOTAL NO. OF INFORMAL SETTLER FAMILIES | TOTAL NO. OF RELOCATED FAMILIES |
|---|---|---|
| Danger zones (along San Juan River, San Cristobal River, Laguna de Bay, Waterways) | 13,339 | 2,940 |
| Other danger zones (roadway, railroad, dump-site, hillside) | 3,975 | 3,117 |
| Non-danger zones and other areas | 16,375 | 1,956 |
| TOTAL | 33,689 | 8,013 |


SULONG SA HINAHARAP ...
HINDI NATATAPOS SA MGA HOUSING PROJECTS ANG USAPIN SA PABAHAY. NAILATAG NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD, SA PAMUMUNO NI MAYOR TIMMY CHIPECO, ANG PROGRAMA PARA SIGURUHIN ANG KALIGTASAN, KAPAYAPAAN AT PAG-UNLAD NG BAGONG KOMUNIDAD NA LILIKHAIN NITO.
IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office
CALAMBA CITY HOUSING AND SETTLEMENTS DEPARTMENT